**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail :* ovcca.updiliman@up.edu.ph

Ika-02 ng Pebrero, 2023

Memorandum Blg. LMTB – 23 - 02

Para Sa : Mga Kasapi ng Komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Paksa : **Panawagan para sa Nominasyon ng 2023 Gawad Tsanselor Para Sa Natatanging Lingkod Komunidad, at Panawagan sa Rekomendasyon sa Pagkilala sa mga Tumulong sa Komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman**

---

Gaganapin sa ika-19 hanggang ika-22 ng Hunyo, 2023 ang Linggo ng Parangal ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sa panahong ito, paparangalan ang mga natatanging guro, mananaliksik, kawani, at mag-aaral ng Unibersidad. Magbibigay din ng parangal sa Natatanging Lingkod Komunidad at kikilalanin ang mga indibidwal, grupo o organisasyon na nag-ambag sa pagpapabuti ng kalagayan ng kapaligiran, kalusugan, seguridad at kapayapaan, pabahay at pagsilong, at pangkalahatang kapakanan ng komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Maaaring magsumite ng nominasyon at rekomendasyon ng pagkilala hanggang ika- 31 ng Marso 2023.

## I. Panawagan para sa Nominasyon ng 2023 Gawad Tsanselor Para Sa Natatanging Lingkod Komunidad

Binubuksan ang nominasyon para sa 2023 Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad. Maaaring maging nominado sa kategoryang ito ang isang indibidwal, grupo, o anumang organisasyon na naglilingkod sa mga komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman **nang labas sa kanilang mga regular na gawain at tungkulin**.

Magiging pamantayan sa pagpili sa *Natatanging Lingkod Komunidad* ang mga sumusunod:

***Kalidad ng Serbisyo Ng Binigay sa Komunidad (40%).*** Magbigay ng listahan ng mga isinagawang proyekto at aktibidad sa nakaraang tatlong (3) taon (Enero 2020 hanggang Disyembre 2022). Isama sa *write-up* ang haba ng oras at dami ng lakas-tao na inilaan sa komunidad.

***Epekto ng Paglilingkod sa Komunidad (40%).*** Ito ay tungkol sa mga pagbabago na naganap sa komunidad dulot ng serbisyo ng nominado. Isama rin sa *write-up* kung gaano karami ang naging benepisyaryo ng mga proyekto, aktibidad at iba pang serbisyo. Magbigay ng katibayan na naging *sustainable* ang mga proyektong nasimulan.

***Pagiging Katangi-tangi at Pagkamalikhain (20%).*** Mas bibigyan ng pahalaga ang mga proyektong malikhain at di-pangkaraniwan.

Kailangan makapagsumite ng *write-up* na may kaugnayan sa naging kontribusyon sa komunidad, inisyatiba at ipinagkaloob na serbisyong may kinalaman sa pagpapabuti ng kalagayan ng kapaligiran, kalusugan, seguridad at kapayapaan, pabahay at pagsilong, at pangkalahatang kapakanan ng komunidad ng Unibersidad ng Piilipinas Diliman. Mangyaring isulat sa hindi lalampas sa tatlong (3) pahina ng A4 *bond paper*, gamit ang *Arial font, size 11, single space,* kung bakit karapat-dapat na kilalanin ang isang indibidwal, grupo o organisasyon bilang *Natatanging Lingkod Komunidad.* Maglakip ng mga katibayang dokumento, larawan at sertipikasyon mula sa mga benepisyaryo ng ginawang paglilingkod.

Ang magwawagi bilang *Natatanging Lingkod Komunidad* ay mabibigyan ng sertipiko, plake at gantimpala na nagkakahalaga ng Php150,000.00. Bukod dito, mabibigyan din ng Php100,000.00 ang komunidad na kanyang pinaglaanan ng serbisyo.

## II. Pagkilala sa mga Grupo o Organisasyon na Tumulong sa Komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Itutuloy ang nasimulan noong 2020, ang pagbibigay ng pagkilala sa mga grupo o organisasyon na tumulong sa sa panahon ng pandemya. Maliban dito, ngayon taong 2023, bibibgyan din ang pagkilala ang mga grupo o organisasyon na nagkaroon ng programa o mga gawaing nakatulong sa pagpapabuti ng kalagayan ng kapaligiran, kalusugan, seguridad at kapayapaan, pabahay at pangkalahatang kapakanan ng komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Maaaring gawin ang rekomendasyon sa pamamagitan ng pagsumite ng *write-up* tungkol sa grupo o organisasyong nais bigyan ng pagkilala, at ilahad ang mga detalye at epekto ng kanilang programa o gawain mula Enero 2022 hanggang Disyembre 2022. Isulat ang mga ito sa hindi lalampas sa tatlong (3) pahina ng A4 *bond paper*, gamit ang *Arial font, size 11, single space.* Maglakip ng mga katibayang dokumento, larawan at sertipikasyon mula sa mga natulungan ng programa o gawain.

Ang mga kikilalaning grupo at organisasyon ay mabibigyan ng *special citation* at *cash gift* mula sa mga Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

## Proseso ng Pagsusumite ng Nominasyon

1. Ipadala sa pamamagitan ng e-mail ang PDF copy ng mga nakalista sa ibaba, sa *Tanggapan ng Bise-Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad* (ovcca.updiliman@up.edu.ph) bago ang ika–5:00 ng hapon sa Biyernes, ika-31 ng Marso, 2023:

    a. pormal na sulat ng nominasyon na naka-addressed kay Prof. Luis Maria T. Bo-ot, Bise-Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad;
    b. nasagutang *Pormularyo ng Nominasyon sa Natatanging Lingkod Komunidad, o ang Rekomendasyon sa Pagkilala*; *at*
    c. mga katibayan na dokumento

2. Depende sa kategoryang sinasalihan, gamitin ang *"Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad"* o *"Rekomendasyon ng Pagkilala sa Organisasyon o Grupo na Tumulong sa Komunidad ng Unibersidad"* bilang *subject* ng isusumite na nominasyon.

3. Mula sa mga matatanggap na nominasyon at rekomendasyon, ang komite ay bubuo ng *shortlist* ng mga nominado o nirekomenda na sasailalim sa isang *interview.* Bilang bahagi ng pagpili, maaaring humingi ang komite ng mga karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng mga

karagdagang dokumento o *interview* sa mga kinatawan ng natulungan ng nominado o grupo/organisasyong nirekomenda.

4. Iskedyul ng Aktibidad:

| Aktibidad | Petsa ng Pagsasa-ayos |
|---|---|
| Huling araw ng pagsusumite ng nominasyon o rekomendasyon | Ika–5:00 ng hapon sa Biyernes, ika-31 ng Marso, 2023 |
| Pag-*review* ng nominasyon at rekomendasyon | Abril 3 – 4, 2023 |
| Mga *interview* | Abril 10 – 14, 2023 |
| Deliberasyon ng komite | Abril 17 – 21, 2023 |
| Pagsumite ng *report* ng komite | Abril 26, 2023 |
| Linggo ng Parangal | Hunyo 19 – 22, 2023 |

Para sa mga katanungan, tumawag lamang kay Hazel Desierto sa Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad sa telepono bilang 8928 2947 o 8981 8600 o mag-email sa ovcca.updiliman@up.edu.ph.

Maraming salamat.

**LUIS MARIA T. BO-OT**
Bise-Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad
Tagapangasiwa, *Ad Hoc Committee* para sa Seleksyon ng
2023 Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad

**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail :* ovcca.updiliman@up.edu.ph

## 2023 Gawad Tsanselor Para sa Pagkilala sa Organisasyon o Grupo na Tumulong sa Komunidad ng Unibersiad ng Pilipinas Diliman

### Rekomendayon ng Pagkilala

**Petsa ng Pagnomina:** ______________________________

**Pangalan ng Organisasyon:** ______________________________

**Contact Person mula sa Organisasyon:** ______________________________

**Address ng Organisasyon:** ______________________________

**Telepono:** ____________________ **Email:** ____________________

**Maikling Paliwanag ng Tulong na Naibigay:** ______________________________
(Gumamit ng hiwalay na pahina kung kinakailangan)

______________________________

______________________________

______________________________

**Bilang ng Benepisyaryo mula Enero 2022 hanggang Disyembre 2022:** ______________________________

**Komunidad kung saan Naglingkod (Adress/Sektor):** ______________________________

**Pangalan ng Nagrekomenda:**______________________________
(Kung higit sa isa ang nagnomina, isulat ang pangalan ng nagnomina sa hiwalay na pahina na may lagda at petsa)

**Lagda:**______________________________

**Petsa ng Pagpirma:** ______________________________

**Mobile Number o email ng Nagnomina:** ______________________________

**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail :* ovcca.updiliman@up.edu.ph

# 2023 Gawad Tsanselor Para sa Natatanging Lingkod Komunidad
## Pormularyo ng Nominasyon

**Petsa ng Pagnomina:** ______________________________

**Pangalan ng Nominadong Indibidwal o Organisasyon:** ______________________________

**Kolehiyo o Yunit o Organisasyon:** ______________________________

**Kasalukuyang Posisyon, Ranggo o Tungkulin ng Nominado:** ______________________________

**Address ng Indibidwal o Organisasyon:** ______________________________

**Telepono:** ____________________ **Email:** ____________________

**Maikling Paliwanag ng Uri ng Serbisyo o Aktibidad:** ______________________________
(Gumamit ng hiwalay na pahina kung kinakailangan)

______________________________

______________________________

______________________________

**Bilang ng Benepisyaryo mula Enero 2020 hanggang Disyembre 2022:** ______________________________

**Komunidad kung saan Naglingkod (Pangalan, Adress at Sektor):** ______________________________

**Bilang ng Oras na Naibibigay kada Buwan:** ______________________________

**Dalas ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad:** ______________________________

**Bilang ng Taon ng Pagbibigay Serbisyo:** ______________________________

**Pangalan ng Nagnomina:** ______________________________
(Kung higit sa isa ang nagnomina, isulat ang pangalan ng nagnomina sa hiwalay na pahina na may lagda at petsa)

**Lagda ng Nagnomina:** ______________________________

**Petsa ng Pagpirma:** ______________________________

**Mobile Number o email ng Nagnomina:** ______________________________